# Isang Linggo ang Natitira para Humiling ng Pampublikong Tulong ng FEMA

**Release Date: October 19, 2023**

**HONOLULU** – Ang mga nonprofit na organisasyon, kabilang ang mga bahay-sambahan, na nagkaroon ng mga pagkalugi dulot ng Maui County wildfires at malakas na hangin ay may isang linggo – **hanggang Miyerkules, Okt. 25** – upang magsumite ng *Kahilingan para sa Pampublikong Tulong* mula sa FEMA.

Hindi lamang pisikal na pinsala ang sinasaklaw sa ilalim ng programa ng Pampublikong Tulong ng FEMA. Ang mga nonprofit na organisasyon sa Maui at Hawai?i counties ay maaari ding magsumite ng Kahilingan para sa Pampublikong Tulong upang mabayaran para sa mga karapat-dapat na gastos na nauugnay sa proteksyon ng imprastraktura.

Ang programa ng Pampublikong Tulong ay nagbibigay ng mga gawad sa mga ahensya ng gobyerno gayundin sa mga pribadong nonprofit para sa pag-alis ng mga pira-pirasong basura (debris), mga serbisyong pang-emerhensiyang proteksyon at imprastraktura ng komunidad na nasira o nawasak ng mga sunog at malakas na hangin noong Agosto 8.

Para sa mga pribadong nonprofit na organisasyon, kabilang ang mga bahay-sambahan, ang proseso ng aplikasyon ay depende sa kung ang isang pribadong nonprofit ay nauuri bilang nag-aalok ng mga **kritikal na serbisyo** o **hindi-kritikal, mahahalagang serbisyong panlipunan**.

Ang mga pribadong nonprofit na nagbibigay ng mga **kritikal na serbisyo**, tulad ng mga pasilidad at kagamitan sa pangangalagang pangkalusugan, ay maaaring direktang mag-apply sa FEMA para sa pagpopondo. Ang ilang pribadong nonprofit na organisasyon, kabilang ang mga bahay-sambahan, na nauuri bilang nagbibigay ng **hindi-kritikal, mahahalagang serbisyong panlipunan** ay dapat munang mag-apply para sa isang mababang interes na pautang sa kalamidad mula sa U.S. Small Business Administration.

Ang mga nonprofit ay hindi kailangang maghintay ng desisyon mula sa SBA upang makapag-apply sa FEMA.

Ang mga bahay-sambahan at iba pang nonprofit ay hinihikayat na magsumite ng *Kahilingan para sa Pampublikong Tulong* sa ilalim ng gawad na programa ng Pampublikong Tulong ng FEMA. Ang deadline ay **Miyerkules, Okt. 25**. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Public Assistance Lead Brian Fisher ng Hawai?i Emergency Management Agency sa Brian.J.Fisher@hawaii.gov. Maaari mo rin siyang tawagan sa **808-518-7985.**

Kung ang isang bahay-sambahan o iba pang nonprofit na nag-aalok ng **hindi-kritikal, mahahalagang serbisyong panlipunan** ay tinanggihan para sa SBA loan, o kung ang halaga ng utang ay hindi sumasakop sa gastos ng lahat ng pagpapaayos, maaaring makatulong ang FEMA. Maaaring magbigay ang FEMA ng mga pondo upang bayaran ang hindi saklaw ng SBA o insurance.

Kabilang sa mga halimbawa ng mga **kritikal na serbisyo** ang tubig, imburnal at mga de-koryenteng sistema; mga pribadong paaralan na nagbibigay ng elementarya o sekondaryang edukasyon; o mga institusyon ng mas mataas na edukasyon. Kabilang sa mga halimbawa ng **hindi-kritikal na mahahalagang serbisyo** ang mga aktibidad sa pagpapayaman sa edukasyon, pinangangasiwaang pangangalaga at mga serbisyo sa daycare, mga serbisyo sa tirahan para sa mga taong may kapansanan, tinulungang pamumuhay at pabahay na mababa ang kita, mga tirahan at serbisyo sa rehabilitasyon para sa mga walang tirahan, at mga sentro ng sining ng komunidad at pagganap.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon mula sa malaking sunog (wildfire) sa Maui, bisitahin ang mauicounty.gov, mauirecovers.org, fema.gov/disaster/4724 at https://www.sba.gov/hawaii-wildfires. I-follow ang FEMA sa social media: @FEMARegion9 at facebook.com/fema.



Page printed at fema.gov/tl/press-release/20231019/one-week-left-request-fema-public-assistance 07/14/2024